JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 4: Damdamin Mo, Nauunawaan Ko



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________



# Alamin

Magandang araw mga bata!

Ang ating panibagong aralin sa Edukasyong Pagpapakatao ay tungkol sa pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba o Damdamin Mo, Nauunawaan Ko.Ang pagdamay sa kapuwa ay isang gawaing kinalulugdan ng Diyos. Ang magagandang karanasan sa pagtulong na naibabahagi sa iba ay maaaring kapulutan ng magandang halimbawa ng ibang mga kabataan.

Ang mga inihandang Gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang layunin.

5.4 Pagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapuwa. **(ESP4P-11d-19)**

| **Modyul 4** | **Damdamin Mo, Nauunawaan Ko** |
|---|---|



# Balikan

Sa gawaing ito ating balikan ang iyong natutunan tungkol sa pagpili ng mga salitang di nakakasakit ng damdamin sa pagbibiro

**Panuto:** Sa sagutang papel, lagyan ng kaukulan ng tsek (√) ang pinaniniwalang pahayag, at ekis (x) naman kung hindi.


| **Mga pahayag** | **Tama** | **Mali** |
|---|---|---|
| 1. May mga birong nakasasakit ng damdamin kahit hindi sinasadya ng nagbibiro | | |
| 2. Nasasaktan ang taong binibiro sapagkat sila ay pikon | | |
| 3. Dapat piliin ang mga salitang ginagamit sa pagbibiro | | |
| 4. Lahat ng napapanood natin sa telebisyon at naririnig na mga katatawanan sa radio ay dapat gayahin | | |
| 5. Maaari tayong makapagpasaya ng ating kapuwa sa pamamagitan ng mga salitang ating ginagamit | | |




# Tuklasin

Ayon sa inyong ibinahaging karanasan sa pagdamay sa kapwa, alam mo na ngayon kung sino ang nangangailangan ng iyong pang-unawa.

**Panuto:** Pag-aralan ang mga larawan. Isulat kung ano ang iyong <u>naramdaman</u> tungkol sa mga larawan, Isulat ang sagot sa sagutan papel.

1. 

2. 

3. 




# Suriin

**Tandaan Natin:**

Bawat tao ay maaaring magkaroon ng oras na siya ay masayang-masaya, ngunit may mga panahon din na siya ay malungkot dahil sa problema. Sa ganitong pagkakataon kakailanganin niya ng taong puwedeng dumamay sa kanya. Dahil bawat tao ay gumagalaw sa isang komunidad, marapat na siya ay makipag-ugnayan o makibahagi sa ibang mga tao. Sa kaniyang pakikibahagi, natutuhan niya ang pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba, hanggang sa maipamamalas niya ang paglalagay ng kaniyang sarili sa kinalalagyan ng ibang tao. Sa paraang ito ay nakakatulong na siya.

Maaaring material na bagay ang tulong na maibabahagi natin ngunit hindi laging ito ang kailangan ng iba. May mga panahon na kailangan ng isang kaibigan na makikinig at magbibigay ng payo. Kung minsan nama'y kasama sa pagsasaya sa isang tagumpay ang kailangan ng tao. Sa lahat ng pagkakataon, kailangan lang maging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng kapuwa. Ito ang pinakamabuting paraan upang maipadama natin ang pagmamahal at pag-unawa na kinakailangan ng ating kapuwa na walang anumang hinihintay na kapalit.

**Panuto**: Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Si Rosa ay kaibigan nina Regina. Isang araw, napaiyak si Rosa dahil namatay ang kanyang ina. Napaiyak ring yumakap si Regina kay Rosa. Ang pag-iyak ni Regina ay tanda ng;

A. Pakikipag-isa C. Pagkamatulungin
B. Pagkamatulungin D. Pagkamasinop

2.May nagpapalimos na isang bulag. Dalawang piso ang pera mo. Naawa ka ngunit may babayaran ka sa paaralan. Ano ang gagawin mo?

A. Talikuran mo ang bulag
B. Hatiin mo ang pera mo at ibigay ang kalahati sa kanya
C. Sigawan mo siya
D. Sipain mo siya

3.May kaklase si Edna na isang pilay. Palagi niya itong tinutulungan sa ano mang gm awain. Anong katangian ang ipinakita ni Ana?

A. Pagkamatapat C. Pagkamagalang
B. Pagkamatulungin D. Pagkamainip

4. kung makakita ka ng isang bulag, ano ang magiging damdamin mo ukol sa kanya?

A. Maaawa C. Masisiyahan
B. Maiinis D. Magagalit

5. Si Ben ay bumibisita sa bahay ng kanyang kaibigan. Pinatuloy siya at pinakain ng meryenda. Anong katangian ang ipinakita ng kaibigan?


A. Katatagan C. Pagtitipid
B. kabutihang asal D. Pagkamalupit


.




# Pagyamanin

**Panuto:** Pag-aralan ang mga larawan at isulat sa nakalaang espasyo sa tabi nito. Isulat kung paano mo ipapakita ang iyong <u>pagdamay</u>, Gawin sa sagutan papel.

1. 

2. 

3. 



# Isaisip

**Panuto:** Sa bahaging ito ibigay ang mga sagot sa katanungan nasa ibaba upang matukoy ang inyong paksang pinag-aralan.

1. Paano mo maipapakita ang pagiging mahinahon sa kilos at damdamin?

2. Bakit kailangan igalang ang kapuwa?

3. Paano maipapakita ang pag-unawa sa damdamin ng kapuwa?

4. Paano maipapakita ang pagiging mahinaon sa kilos at damdamin ng iba?

5. Ano ang kaya mong gawin upang maipakita ang paggalang sa karapatan ng may sakit?



# Isagawa

Masayang-masaya ang nanalo sa paligsahang ito. Ano kaya sa palagay mo ang damdamin ng hindi pinalad na manalo? Gumawa ka ng isang sanaysay para sa natalong kandidata at iparamdam mo sa kaniya ang iyong pag-unawa.

**Rubics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**




| Mga Batayan | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| Nilalaman | Naipahayag sa talata ang nakapagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhan pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapwa | Hindi masyadong naipapahayag ang pagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhan pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapwa | Malayo sa paksa ang naisulat na talata |
| Orga nisasyong | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Nagkakasunod-sunod ang mga idea may paninimula, katawan at konklusyon | Maayos pagkakasulat may panimula at konklusyon | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata walang panimula, katawan at konklusyon |



# Tayahin

**Panuto**; Basahing maigi ang bawat tanong. Piliin at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng pagdamay sa batang nalulungkot?

A.  B.  C.  D. 

2. Paano maipapakita ang pag-unawa sa damdamin ng kapuwa?
   A. Sa pakikiiyak sa kanila
   B. Sa pakikipag- usap sa kanila
   C. Sa pagbibigay ng sariling kuwento sa kanila
   D. Sa pakikinig sa oras na may problema sila at pagbibigay ng payo

3. Bilang mag-aaral, alin sa mga sumusunod ang paggalang sa karapatan ng may sakit ang kaya mong gawin?
   A. Pagbigay ng prutas at damit
   B. Pagbisita sa may sakit
   C. Pagbibigay ng payo sa may sakit
   D. Lahat ng sagot

4. Napagalitan si Kim ng kanyang nanay dahil bumaba ang grado sa lahat ng asignatura. Ano ang maaari mong sabihin kay Kim?
   A. Kim pagbutihin mo ang iyong pag-aaral.
   B. Kim huwag kang mabahala may pag-asa pa.
   C. Kim maawa ka sa nanay mo.
   D. Kim maawa ka sa sarili.

5. Namatayan ng ama si Jerard. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita nang pang-unawa sa kalungkutang nadarama ni Jerard?
   A. Sasabihin ko sa kanya na asng buhay ay hiram sa Diyos lamang.
   B. Sasabihin ko sa kanya na lahat tayo ay mamatay.
   C. Sasabihin ko sa kanya na magpasalamat ka dahil naranasan mo ang pagmamahal ng iyong tatay.
   D. Sasabihin ko sa kanya na ang buhay ay weather weather lang.



## Susi sa Pagwawasto

SURIIN
1. A
2. B
3. B
4. A
5. B

TUKLASIN
1. NAAAWA
2. PAGTULONG
3. PAKIKINIG SA PAYO

BALIKAN
1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

PAGYAMANIN:
1. Igalang ang kapuwa
2. Pagsunod s autos na bukal sa kalooban
3. Pakikinig sa oras na may problema sila at pagbibigay ng payo

ISAISIP:
1. Nakikipag-usap ng maayos sa kapuwa upang magkaunawaan
2. Mga positibong sagot
   - Para mapanatili ng mapayapang pamayanan
   - Para igalang k din ng kapuwa
   - Para walang magagalit
   - Para masaya ang lahat
3. Sa pakikinig sa oras na may problema sila at pagbibigay ng payo
4. Nakikipag usap ng maayos sa kapuwa upang magkaunawaan
5. Mga positibong sagot
   - Pagbibigay ng prutas at damit
   - Pagbisita sa may sakit
   - Pagbibigay ng payo sa may sakit
   - Pagbibigay ng gamot sa may sakit

TAYAHIN
1. B 2. D 3. D 4. A 5. D

ISAGAWA
Maaaring magkaiba ang nilalaman ng mga talata.

## Sanggunian

Aklat


Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral*, DepEd-BLR, 2015, 107-115.

Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Patnubay ng Guro*, DepEd-BLR, 2015, 63 – 66 & 217 – 219

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Carmelita M. Ricasio,MT I, Cabunbata Elementary School, Isabela City Division

**Editor:** Roselle I. Enrera, TI, Old Camp Elementary School, Isabela City Division

**Tagasuri:** Yashier U. Susulan,PSDS West - 2

**Tagaguhit:** Era Claire E. Alib & Bryan L. Correncho

**Tagalapat:** Flordeliz S. Patris,TI, Cabunbata Elementary School, Isabela City Division

**Tagapamahala:**

Julieto H. Fernanadez,OIC-SDS
Maria Laarni T. Villanueva,OIC-ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena,EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...